# Ang Lapis Ni Jhio

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Inay! Inay wika ni Jhio, nawawala nanaman po ang bago kong lapis sa aming silid aralan. Naku! Anak araw araw nalang ako naghahanap at bumibili ng lapis,baka nakalimutan mo lamang iyan sa kung saan turan ni aling Mercy.

Araw-araw naghahanapan ang mag ina sa mga gamit nya sa eskwelahan,minsan pag hindi lapis papel o pambura ang nawawala pero mas madalas ay lapis,laging nagtataka ang ina ng anim na taong bata kahit paulit ulit nyang sinasabihan na ingatan ang mga gamit araw-araw parin itong nawawala.

Habang bata ito nais ng ina na maging masinop sa gamit upang paglaki ay maging maayos ito sa mga gamit lalo na kung gamit ito ng pag aaral.

Naisip din ni aling Mercy baka napakabata pa ng anak upang ituro ang ganitong mga bagay at marahil hindi pa nya ito ganap na nauunawaan.

Lumipas ang mga araw ganun parin naghahanapan parin ng mga gamit na nawawala kaya minabuti ng ina na magtungo na sa Paaralan ng anak upang makausap ang guro nito at kung bakit araw araw nawawalan ang anak ng mga gamit.

Magandang araw po Bb Cruz,bati ni alin Mercy nais ko po sanang alamin kung bakit po araw araw nawawalan ng lapis o gamit ang aking anak o baka

naman po dito sa inyong silid aralan naiiwan, araw araw po ako bumibili dahil paulit ulit po itong nawawala titser.

Ah yun po ba Gng hindi nyo po ba alam? Ang alin po saad ni aling Mercy Opo maaari pong Lagi syang naiuuwi na lapis,minsan pambura o papel dahil po sa tuwing may kamag-aral syang umiiyak dahil walang lapis binibigay nya po yung sa knya dahil yun daw mas nangangailangan,kung minsan naman po may walang pambura ibinibigay din po nya bago magtapos ang klase, dahil mas may kakayahan daw po kayong makabili ng mga gamit na iyon.

Yung mga papel naman po na hindi nya naiuuwi ay nakita kong benebenta sa canteen para ibili ng mga tinapay at ipapamigay sa mga batang namamalimos sa labas ng Paaralan.

Sabi po ng anak nyo mas marami po ang nangangailangan.

Napaluha si Aling Mercy sa kanyang natuklasan dahil sa murang kaisipan ng kanyang anak ay natutunan nitong magbigay sa ibang tao,ngunit tuturuan din nya itong magtira sa knyang sarili upang mayroon syang magamit kung sya naman ang nangangailangan.

Ipinagmamalaki nya ang kanyang anak sa kanyang nalaman at pinangako ng ina sa sarili na mas tuturuan nya pa ang anak ng mabubuting bagay upang may maibahagi sya sa iba.

Dahil sa sobrang tuwa ng ina bumili ito ng isang kahon ng lapis na maaari ibahagi ng anak sa kanyang mga kamag-aral na higit na nangangailan.

ARAL:Maging mapagbigay pero magtira para sa sarili.